



KOLEHIYO NG ARTE AT LITERATURA
COLLEGE OF ARTS AND LETTERS, UP DILIMAN

Panawagan para sa Papel

**Ang ika-3 KAL Kolokyum ng Gradwadong Mag-aaral
Kolehiyo ng Arte at Literatura
Unibersidad ng Pilipinas, Diliman
Abril 7, 2018**

Iniiimbitahan ng Kolehiyo ng Arte at Literatura ang mga gradwadong mag-aaral ng kolehiyo na magpasa ng abstrak sa ika-3 KAL Kolokyum ng Gradwadong Mag-aaral na gaganapin sa ABRIL 7, 2018. Malawak ang saklaw na paksa ng kolokyum at hinihikayat ang kontribusyon mula sa iba't ibang larangan ng pag-aaral sa arte at humanidades. Maaaring pagtuunan ng papel ang isang larangan lamang o bagtasin ang isang inter o multi-disiplinaryong landas. Ang pangunahing layunin ng kolokyum ay maglaan ng lugar sa mga gradwadong mag-aaral ng KAL upang magtipon-tipon at makipagpalitan ng kaalaman at karanasan patungkol sa mga partikular na disiplinal na interes at mas malawak na komunidad ng gradwadong mag-aaral ng kolehiyo.

Posibleng paksa o larangan:

- tradisyonal at di-tradisyonal na dalumat sa teoryang pansining at kritisismo ng iba't ibang ekspresyon ng kultura at sining
- teoryang pampagsasalin at araling pampagsasalin
- teoryang pangwika, araling pangwika, at pagtuturo ng wika sa wikang Europeo, Ingles, Filipino, at iba pang wikang Pilipino
- araling pangdiskurso, partikular sa papel ng wika sa konstruksiyon ng kaalaman, lipunan, at kultura
- multimodalidad, teorya ng afek, at *flat ontology*
- kasaysayan, kritisismo, at teoryang pampanitikan
- araling pangkultura
- malikhaing pagsulat at malikhaing katha sa teatro at ibang sining
- araling pangkababaihan at pangkasarian
- panitikang pandaigdig
- teorya ng komunikasyon at araling pangkomunikasyon
- araling panteatro at pagtatanghal
- Araling Pilipino

Anyo ng paglalahad ng papel:

Bukod sa indibidwal na presentasyon, lubos na hinihikayat ang pagbuo ng mga panel. Ideyal na makabuo ng isang panel ang bawat departamento, bagaman hindi limitado rito ang maaaring maging komposisyon ng mga panel (e.g. inter-departmental na panel). Inaasahang magsimula ang sesyon ng panel sa maikling introduksiyon ng mga papel at mga kalahok, at susundan ng 3-5 presentasyon. Maaaring magkaroon ng reaktor na magbibigay ng maikling sintesis sa pagtatapos ng lahat ng paglalahad upang bigkisin ang tema ng mga papel. Kailangang maglaan ng sapat na oras para sa mga tanong at komento ng mga tagapakinig.

Pagsusumite ng Abstrak:

Ang indibidwal na abstrak ay maaaring nakasulat sa Filipino o Ingles, hindi lalabis sa 250 na salita, at may kasamang tatlong susing-salita.

Maliban sa abstrak ng mga indibidwal na papel, ang panukalang panel ay dapat may kalakip na panimulang hindi rin lalagpas sa 250 na salita, sa Filipino o Ingles, at nagdedetalye sa kabuuhang paksa o sentral na usapin na inaasahang tugunan ng mga presentasyon. Kailangang magtalaga ng isang tagapangulo ang panel na siyang makikipag-ugnayan sa komite, at ibigay ang pangalan ng reaktor kung meron.

Ang mga abstrak ay nasa Word format (.doc, .docx) at dapat ipadala bilang attachment. Gamitin ang '**CAL GSC Submission 2018**' para sa subject line. Ibigay ang sumusunod na impormasyon sa email:

1. Buong pangalan ng may-akda*
2. email address at postal address ng may-akda
3. kinabibilangang institusyon at address nito
4. numero ng telepono (tirahan & opisina) _____; mobile _____

* Para sa mga panukalang panel, ibigay ang mga detalye sa itaas para sa bawat miyembro kasama ang pangalan, posisyon, at institusyong kinabibilangan ng reaktor. Malinaw na tukuyin ang tagapag-ugnay o tagapangulo ng panel.

I-email ang mga abstrak bago o sa **Pebrero 14, 2018** sa sinuman sa mga sumusunod:

Aileen Salonga (aosalonga@yahoo.com)
Alwin Aguirre (acaguirre@up.edu.ph)
Maria Lorena Santos (loriesantos@gmail.com)

Ang resulta ay ipagbibigay-alam sa mga may-akda bago o sa **Marso 10, 2018**.